



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Hunyo 11, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.749.4900

Ang programa ng Air District na *I-charge!* ay naggagawad ng mahigit sa \$6 milyon para sa mga bagong istasyon para mag-charge ng de-kuryenteng sasakyan

Magdaragdag ng 2,000+ pampublikong mga istasyon para mag-charge ng EV sa mga komunidad ng Bay Area

SAN FRANCISCO – Inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang pagpoponodo para sa pagkakabit ng mahigit sa 2,000 bagong istasyon para mag-charge ng de-kuryenteng sasakyan sa buong rehiyon na may siyam na county.

Ang mga istasyon para mag-charge na ito na bago at magagamit ng publiko ay matatagpuan sa mga pangunahing koridor ng transportasyon, sa mga lugar ng trabaho at mga pangunahing lokasyon, kabilang ng mga paaralan, mga hub ng transportasyon at mga tirahan na maraming unit.

“Patuloy na lalawak ang mga de-kuryenteng sasakyan sa matatag na bilis, na nagpapakita ng pamumuno ng California at Bay Area sa malinis na teknolohiya,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal of the Air District. “Ang mas maraming istasyon para mag-charge sa mga pangunahing lokasyon ay gagawing mahusay na opsyon ang pagbili ng de-kuryenteng sasakyan para sa mas maraming residente ng Bay Area.”

Kasama sa mga pagbibigyan ang Los Altos School District (\$1,400,763), East Side Union High School District (\$500,000), San Francisco International Airport (\$285,000) at Old Redwood Commons Association (\$120,000). Binigyan rin ang GRID Alternatives ng \$56,000 para pondohan ang pagkakabit ng mga istasyon para mag-charge sa mga komunidad na mababa ang kita.

Ang 59 piling mga proyekto ay magkakabit ng 2,059 na mga istasyon para mag-charge sa 134 lokasyon sa buong Bay Area at inaasahang babawasan ang mga emisyon ng mga nagpaparumi sa hangin na may pamantayan nang 7.99 tonelada at babawasan ang mahigit sa 9,484 na tonelada ng mga emisyon ng greenhouse gas.

Binabalanse ng Programang I-charge! ang bahagi ng halaga ng pagbili, pagkakabit at pagpapatakbo ng mga bagong pampublikong istasyon para mag-charge. Ang pagpopondo ay naggagaling sa \$4 na dagdag na singil sa mga sasakyang de-motor na nakarehistro sa Bay Area, na simula 1991 ay sinuportahan rin ang mga programa para sa mga sasakyan at imprastraktura para sa malinis na hangin, pagbabahagi ng masasakyan, mga shuttle at mga pasilidad ng bisikleta.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)